lalawigan ng san diego

Ang Ating Santa Margarita Watershed

Ang mga watershed ay mga lupaing inaagusan ng tubig ng mga batis, lawa at ilog papunta sa mga karaniwang mababang lugar - kadalasang karagatan.

Ang Santa Margarita Watershed ay 1 sa 11 na watershed na nasa Lalawigan ng San Diego. Ang Santa Margarita Watershed ay nagsisimula sa silangan ng Palomar Mountain malapit sa Oak Grove. Ang tubig ay umaagos papunta sa Riverside County bago bumalik sa Lalawigan ng San Diego, kung saan naaabot nito ang Karagatang Pasipiko malapit sa Oceanside. Kung kayo ay nakatira sa loob ng watershed na ito, maaaring makatulong ang inyong mga ginagawa sa inyong bahay at sa inyong komunidad upang mapaganda ang kalidad ng tubig sa ating mga ilog, lawa at karagatan.

Mapa ng Santa Margarita Watershed



Umaasa tayo sa ating mga watershed ng higit sa inyong inaakala. Kapag tayo ay naglalakad sa kahabaan ng Santa Margarita River, nangingisda at nagpipiknik sa Lake O'Neill, o simpleng umiinom ng tubig, ginagamit natin ang resources ng ating watershed.

Maaari Nating Pangalagaan ang Ating mga Watershed sa Kaunting Hakbang Lang!

Ang tubig na dumadaloy sa ating watershed ay nakakakuha ng mga dumi tulad ng bakterya at basura na maaaring magpadumi sa ating mga daanan ng tubig. **Ang unang prayoridad sa Santa Margarita Watershed ay ang maiwasan ang polusyon mula sa mga sustansya tulad ng mga pataba, halimbawa.** Bilang mga residente, nasa atin kung paano ito pananatilihing malinis. Kapag pinagsama-sama ang kilos ng bawat indibidwal, magdudulot ito ng malalaking pagbabago.

Maaari kayong tumulong na protektahan ang ating watershed sa pamamagitan ng paggawa ng mga simpleng aksyon na ito upang maiwasan ang polusyon:

Mga Sustansya | *nitrogen at phosphorous*

- Gumamit ng mas kaunting mga pataba at pestisidyo - kaunti lang ang kailangan ng karamihan sa mga halaman kumpara sa ibinibigay sa mga ito.
- Walisin ang kalat na dahon at debris mula sa halaman. Tiyaking itapon ito sa itinakdang lalagyan.

Bakterya | *nakikita sa basura at imburnal*

- Panatilihing walang basura mula sa dumi ng hayop ang inyong bakuran. Magdala ng mga bag kapag ipinapasyal ang inyong alaga at itapon nang maayos ang kanilang dumi sa itinakdang lalagyan.
- Pangalagaan ang inyong imburnal o septic system. Ireport kaagad ang mga tagas o tapon mula sa imburnal sa 858-505-6657.
- Maayos na itapon ang RV sewage sa mga itinakdang dump station.

Basura | *kabilang ang green waste*

- Itapon ang lahat ng mga basura sa itinakdang mga lalagyan at panatilihing sarado ang mga takip.
- Bisitahin ang https://wastefreesd.org/ upang malaman kung paano magtapon o mag-recycle ng mga partikular na bagay.

Ang Lalawigan ng San Diego at ang mga partner nito ay nagtutulungan din upang mapanatiling maayos ang ating mga watershed.

Kung nais ninyong malaman pa ang tungkol sa mga pagsisikap na ito sa Santa Margarita Watershed, bisitahin ang www.projectcleanwater.org/santa-margarita-wma/

Tumawag sa Amin para sa mas Maraming Impormasyon o para Magreport ng Polusyon.

1-888-846-0800 watersheds@sdcounty.ca.gov ■ www.sandiegocounty.gov/stormwater

SET 2022